# TUNGKOL SA MGA MANUNULAT

Si **Efren R. Abueg** ay isang manunulat, kritiko, at tagasalin na nakilala dahil sa kanyang mga obrang *Dilim sa Umaga*, *Habagat sa Lupa*, at *Dugo sa Kayumangging Lupa*. Siya ay isa sa mga orihinal na miyembro ng makasaysayang antolohiyang *Mga Agos sa Disyerto*. Bilang isang akademiko, si Abueg ay nagtapos ng Masterado sa Wika at Panitikan mula sa Pamantasang De La Salle. Ang kanyang Doktorado sa Wika at Pagsasalin ay nakuha naman niya mula sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nakapagturo si Dr. Abueg sa Manuel L. Quezon University, Polytechnic University of the Phulippines, Pamantasan Lungsod ng Maynila, Ateneo De Manila University, at De La Salle University kung saan siya ay naging tagapangulo ng Departamento ng Panitikan. Siya rin, katuwang si Jun Cruz Reyes, ang nagtatag ng *Malate Journal* ng DLSU. Premyado siyang manunulat na ilang ulit nang nagwagi sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. Ginawaran siya ng Pambansang Alagad ni Balagtas ng Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas o UMPIL noong 1992.

Si **Ronald Araña Atilano** ay isinilang sa Metro Manila at lumaki sa Dasmariñas, Cavite. Naging kasapi siya ng Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo (LIRA) at dumalo sa UP National Writers' Workshop sa Baguio noong 2004 at sa Ateneo Writers' Workshop sa Quezon City noong 2006. Nalathala ang kaniyang mga tula sa *Latay sa Isipan* (UST), *Ikatlong Bagting* ng LIRA, *Likhaan 16* (UP), *Dx Machina* (UP), *Santelmo*, *Manila Times*, *Tapuzine*, *Dagmay* at *Liwayway*. Nagwagi ng unang gantimpala ang kaniyang koleksiyong "Pagbabalik-loob sa Paraon" sa Saranggola Awards noong 2022. Kasalukuyan siyang naninirahan sa Newcastle, Australia.

Si **Lean Karlo Borlongan** ay gradwado ng BS Food Technology sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at Masterado sa Filipino: Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kasalukuyan siyang mag-aaral ng PhD Malikhaing Pagsulat sa UPD. Siya ay nagwagi ng unang gantimpala sa maikling kuwento sa 2023 Gawad Bienvenido Lumbera. Mayroon siyang tatlong self-published na libro ng tula: *Sansaglit*, *sa ibang katawan*, at *Pasakalye*. Ang *Pasakalye* ay finalist sa Madrigal-Gonzales First Book Award at hinirang na Best Book of Poetry in Filipino sa 40th NBDB National Book Award.

Si **Arnold Tristan L. Buenaflor**, o mas kilala bilang Trist'n, ay isang Instruktor at unyonista mula sa UP Baguio, nagtuturo ng mga subjects sa ilalim ng Departamento ng Wika, Panitikan, at Sining. Kasalukuyan din siyang isang gradwadong estudyante sa UP Diliman sa ilalim ng MA Malikhaing Pagsulat. Naging fellow siya sa Palihang Rogelio Sicat 15 , 7th Amelia Lapena-Bonifacio Workshop, Ubbog 2023 Workshop, at Teaching LGBT Literature ng UP Likhaan. Sa labas ng pamantasan, siya ay naging Pangalawang Tagapagsalita ng Student Christian Movement of the Philippines (SCMP) at founding chairperson ng

Bahaghari UP Baguio. Noong 2018, siya ay nagawaran ng Ignite Brave Award ng Amnesty International Philippines. Siya ay isang bakla at PWD (psychosocial disability) na manunulat. Siya ay miyembro ng The Writer's Bloc, Manunulat sa Kordi, at Ubbog Cordillera Writers. Itong nakaraan lamang, siya ay ginawaran bilang Grand Champion sa 2023 Salanga Prize ng Philippine Board on Books For Young People. Ang kaniyang pen name ay T. El.

Si **Glen Patrick Camante** ay lumaki sa Marikina. Kasalukuyan siyang mag-aaral ng digring Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at naging mag-aaral din siya ng Sertipiko sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa Filipino noong 2021 sa naturang unibersidad. Kasapi siya sa Alyansa ng mga Panulat na Sumusuong (ALPAS), isang academic organization sa PUP na nagsusulong na palaguin ang panitikan sa loob at labas ng pamantasan. Naisalathala na rin ang kaniyang tula sa issue No. 5 ng *TLDTD*, online biannual journal.

Si **Ronnie M. Cerico** ay kasapi ng Bilog Writers' Circle, samahan ng mga manunulat sa isla-probinsiya ng Catanduanes. Naging fellow siya ng 9th Saringsing Bikol Writers Workshop noong 2019 at Palihang Rogelio Sicat 14 taong 2021. Naitampok na rin ang ilan niyang akda sa *Liwayway Magazine*; *Habi* (Zine 2) ng Titik Poetry; *Katastropiya* (7 Eyes Productions, OPC); at *Ani 41*, ang opisyal na literary journal ng Cultural Center of the Philippines (CCP).

Si **U Z. Eliserio** ay awtor ng mga koleksyon ng maikling kwento at kritisismo. Natanghal na ang mga dula niya sa Cultural Center of the Philippines. Isinalin niya sa Filipino ang mga gawa nina Rousseau, Nietzsche, at Bakunin. Bisitahin ang kanyang website: ueliserio.com/books.

Si **Hannah A. Leceña** ay nagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa Philippine High School for the Arts Makiling Los Baños, Laguna, at nag-aaral ng PhD in Malikhaing Pagsulat sa UP- Diliman. Siya ay spoken word performer mula sa Kiamba Sarangani, Rehiyon 12. Nakapag-perform siya sa Perfurmatura 2020 at 2023 ng Cultural Center of the Philippines. Fellow siya ng mga writing workshop tulad ng Davao Writing Workshop, Silliman National Writing Workshop, IYAS National Writing Workshop, Kritika La Salle, Iligan National Writing Workshop, 5th Amelia Lapeña Bonifacio Writing Workshop, Gemino Abad Seminar-Workshop for Teachers in Creative Writing at Palihang Rogelio Sicat. Ang kanyang Sugilanon ay nakatanggap ng Jimmy Balacuit Literary Awards for Fiction, Satur Apoyon Prize First Place taong 2020 at 2023. Itinanghal na 2nd Place sa PNU-Normal Awards ang kanyang Nobelang Pangkabataan na *Tandong* at Grand Prize Winner sa Lampara Prize, Middle Grade Category ang nobelang *Si Duday Taga-Baybay*. Mababasa ang kanyang mga katha sa *Diliman*

*Review*, *Dx Machina Volume 5*, *Luntian Online Journal*, *Kawing Refeered Journal*, *Anti-Katha* ng Philippine Writer Series, *AGOS Refeered Journal*, *TLDTD*, *Dagmay*, *Takos Refereed Journal*, *Santelmo Liwanag sa Dilim* at iba pa. Awtor siya *ng Jonas: Nobela sa Wikang Sebwano* at recipient ng Publication Grant 2022 sa ilalim ng National Book Development Board.

Si **Lenin Carlos Mirasol** ay guro ng panitikan at sining sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Mababasa ang ilan sa kanyang akda sa antolohiyang *Ang Mga Kuwento ng mga Supot sa Panahon ng Kalibugan* at *Entrada*.

Si **Merdeka Morales** o mas kilala sa tawag na "Dekki" ay kasalukuyang guro ng Filipino at Panitikan sa PUP Sta. Mesa. Siya rin ang Chief ng PUP Center for Creative Writing, at Student Publications Office. Nanilbihan dati bilang Executive Council Member ng National Commission for Culture and the Arts – National Committee on Literary Arts mula taong 2017 hanggang 2022. Kasalukuyan siyang miyembro ng Philippine PEN at Associate Member din ng National Research Council of the Philippines – Humanities Division. Ang ilan sa kanyang sanaysay at malikhaing mga akda ay mababasa sa anotolohiyang *HIMAYMAY: Approaches to Philippine Literature*, *HIMAYA: Panitikan ng Pagbabanyuhay*, *Liwanag at Itim: Antolohiya ng mga Malikhaing Akda na Alay sa Alaala ni Teresita G. Maceda* (The Philippine Writers Series, 2022), *Ang mga Kwento ng mga Supot sa Panahon ng Kalibugan*, *Sabi ko sa 'yo tol tara na!*, *Entrada Journal* ng PUP-CCW at *kuliti.art*. Kapag hindi nakapagsusulat ng mga sanaysay at kwento, gumagawa si Dekki ng komiks.

Si **Jose Velando Ogatis-I** ay kasalukuyang guro sa Departmento ng Sining at Komunikasyon ng Unibersidad ng Pilipinas Manila. Siya ay nagtapos ng kursong BA English Studies: Creative Writing at MA Filipino: Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ang nagtayo ng UP Manila Belle, isang grupong kultural na naglalayong linangin ang mga mag-aaral ng Maynila sa sining ng pagtatanghal. Hilig niya ang pagsulat ng mga video reviews ng mga pelikula, libro, at laruan na makikita sa kanyang Youtube channel na Tambay Reviews.

Si **Jason Federigan Pozon** ay katuwang na propesor at nagtuturo ng Panunuring Pampanitikan at Introduksyon sa Pagsasalin sa Mataas na Paaralang Rural ng Unibersidad ng Pilipinas (UP Rural High School) sa ilalim ng Kolehiyo ng Agham at Sining sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Siya ay nagtapos ng Bachelor in Secondary Education major in Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas (PNU-Manila) noong 2014. Nagtapos ng MA Malikhaing Pagsulat at kasalukuyang kumukuha ng PhD Malikhaing

Pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Fellow ng 6th Cordillera Creative Writing Workshop sa UP Baguio (2018); Ika-13 Palihang Rogelio Sicat sa UP Los Baños (2019); UST National Writers' Workshop (2022); at Ika-4 na Palihang Bienvenido Lumbera sa Salin ng UP Institute of Creative Writing ng UP Diliman. Nakapaglathala ng mga malikhaing 'di-katha sa mga literary refereed journal ng Sentro sa Wikang Filipino UP Diliman, Cultural Center of the Philippines, Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, at sa iba pang institusyon sa bansa. Kasalukuyan din siyang naglilingkod bilang kalihim ng All UP Academic Employees Union Los Baños at kinikilalang manunulat at guro sa panitikan ng National Book Development Board o NBDB. Patuloy na nagtatangka at tinutuklas ang sarili at isinasabuhay ang katuturan ng kaniyang pag-iral.

Isang aktibista at manunulat sa Hiligaynon at Kinaray-a si **Adrian Medina Pregonir** mula sa Banga, South Cotabato. Ang kaniyang mga akda ay lumitaw sa *Likhaan*, *Liwayway*, *Dx Machina*, *Ani*, *TLDTD*, *Luna Journal* at iba pa. Siya ay nagwagi sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, Gawad Rene Villanueva at Gawad Bienvenido Lumbera. Siya ay tagasulong ng panitikan sa katutubong wika sa Southern Mindanao. Sa ngayon, siya ay nakikisangkot sa mga gawaing pangkomunidad.

Si **Jay Jomar F. Quintos** ay guro ng Panitikan at Araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ang kanyang mga malikhain at kritikal na akda ay nalathala na sa iba't ibang internasyunal at lokal na publikasyon.